# Paalala tungkol sa Sistema na Tulong sa Matrikula ng Paaralan sa taong 2026 (Reiwa 8)

Sa lungsod ng Kyoto, mayroong programa ng tulong sa pag-aaral para sa mga magulang na nahihirapan sa pinansyal na suporta sa pagpasok ng kanilang mga anak sa mga pampublikong elementarya at Junior High School. Kasama sa tulong ang pagbibigay ng pondo para sa mga kagamitan sa pag-aaral.

Kung nais ng tulong sa pag-aaral, ang magulang mismo ang dapat magdala ng application form at iba pang kaukulang dokumento sa paaralan.

## 1. Mga Maaring Tumanggap ng Tulong sa Pag-aaral

(Talahanayan 1) Mga taong pasado sa alinman sa mga sumusunod na kondisyon mula ①-⑥

| Dahilan ng Aplikasyon | Mga Kailangang Dokumento para sa Aplikasyon |
|---|---|
| Mga tumatanggap ng pampublikong tulong o seikatsu hogo<br>① Tumanggap ng educational assistance (pagpapaaral)<br>② Hindi tumanggap ng educational assistance (pagpapaaral)<br>③ Mga nawalan ng pampublikong tulong o seikatsu hogo simula Abril 1, 2025 (Reiwa 7)<br>(maliban sa mga kaso ng pagbabago sa sambahayan) | Isumite lamang ang form ng aplikasyon sa paaralan. |
| ④ Mga tumatanggap ng "Child Rearing Allowance" (※1) | 【Para sa mga Bagong Aplikante(ito ay tatawaging "bagong aplikasyon")】<br>・Form ng aplikasyon para sa tulong sa pag-aaral<br>・Form ng deklarasyon ng My Number(※3)<br>・Dokumento na nagpapatunay ng My Number ng aplikante (ipapakita lamang※4)<br>【Kung noong nakaraang taon ay naaprubahan ang tulong sa pag-aaral at nais ipagpatuloy ang pag-apruba mula Hulyo 1 pataas (ito ay tinatawag na "pagpapatuloy ng aplikasyon")】<br>・Form ng aplikasyon para sa tulong sa pag-aaral<br>・Form ng pagdedeklara ng My Number (Kung may miyembro ng sambahayan na 16 taong gulang pataas na hindi pa nagdeklara ng My Number) |
| ⑤ Mga nasa mahirap na kalagayang pinansyal na nahihirapan sa pagpapaaral ng anak<br>(may mga kondisyon sa kita) (※2)<br><br>※Ang mga taong sasailalim sa pagsusuri batay sa mga pamantayan ng kita ay mga tao na natapos o tinanggalan ng pampublikong tulong o seikatsu hogo dahil sa pagbabago ng sambahayan. | |
| ⑥ Mga may espesyal na kalagayan (Halimbawa, kapag naapektuhan ng sunog, lindol, pagbaha, atbp.) | Mangyaring kumonsulta sa paaralan. |

Para sa mga aplikanteng tumutugma sa mga nabanggit na kondisyon sa loob ng makapal na kahon sa itaas, kinakailangang mag deklara ng My Number at isasagawa ang pagsusuri ng kita para sa pag-apruba.

※1 Kahit hindi maaprubahan sa pagsusuri ng kita, kung tumatanggap ng "Child Rearing Allowance," maaari pa ring maaprubahan. Mangyaring magsumite ng kopya ng sertipiko ng "Child Rearing Allowance". Kung nasa proseso ka na ng pag-aaplay para sa pagtanggap ng "Child Rearing Allowance," at hindi pa naaprubahan ang pagtanggap, makipag-ugnayan sa paaralan at agad na isumite ang mga kinakailangang dokumento para sa aplikasyon.

※2 Kahit hindi maaprubahan sa pagsusuri ng kita, maaari pa ring maaprubahan kung may biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal sa kalagitnaan ng taon gaya ng malaking pagbaba ng kita, pagkawala ng trabaho, o pagsasara ng negosyo. Kung sakaling tumutugma, mangyaring kumonsulta sa paaralan.

※3 Para sa mga nag-aaplay hanggang katapusan ng Hunyo, gamitin ang petsang Enero 1, 2025 (Reiwa 7), para sa nag-aaply simula Hulyo pataas, gamitin ang petsang Enero 1, 2026 (Reiwa 8). Para sa mga walang rehistradong tirahan sa Lungsod ng Kyoto noong o kahit may rehistro ngunit binubuwisan sa ibang lungsod, hindi maisasagawa ang pagsusuri ng kita. Sa ganitong kaso, mangyaring magsumite ng isa sa mga sumusunod na dokumento na inisyu ng pampublikong ahensya: (Tingnan ang QA5)

- Sertipiko ng buwis (inilalabas ng city hall/municipyo sa Lungsod ng Kyoto kung saan ka nakatira sa petsa ng Enero 1 ng taon ng pagbubuwis, kailangang kumuha ng "kompletong sertipikasyon" mula sa ward office, mayroong bayad ito)
- Abiso ng desisyon/pagbabago sa halaga ng espesyal na withholding tax (ipapamahagi ng employer sa Hunyo)
- Abiso ng pagbabayad ng buwis sa residente (ipapadala mula sa munisipyo bandang Hunyo para sa mga self-employed)

※4 Mangyaring ipakita ang dokumentong nagpapatunay ng iyong My Number kapag nagsusumite. Ibabalik kaagad pagkatapos ng pagkumpirma.

Halimbawa ng My number card




Halimbawa ng Notification card




※ Ang kailangan ng dokumentong nagpapatunay ng My Number ay isa lamang na aplikante (magulang).
※ Kung wala kang mga dokumentong nagpapakita ng My Number, Mangyaring ipakita ang sertipiko ng nakatala sa resident certificate mula sa munisipyo (na may My Number) na inisyu ng ward office o katulad.
※ Ang notification card ay tatanggapin lamang kung ang nakalagay na pangalan, address, at iba pang impormasyon ay tumutugma sa mga nakalagay sa resident certificate.

## 2. Tungkol sa Pag-Apruba

・Mangyaring mag-ingat sa petsa ng aplikasyon dahil hindi kasama ang Sabado, Linggo, mga pampublikong pista opisyal at iba pang araw na walang pasok sa paaralan.

・Ang pagsusuri para sa pag-apruba ay batay sa taunang kita na naaayon sa petsa ng aplikasyon.

※Kung hindi makakapagpasa ng mga dokumento hanggang sa petsang nakasaad sa ibaba dahil sa lagnat o ibang karamdaman, mangyaring tumawag sa paaralan at komunsulta.

【Bagong Aplikasyon】

Para sa mga may nais na maaprubahan mula sa simula ng taon, mangyaring mag sumite bago ang ika-15 ng Mayo.

| Petsa ng Aplikasyon | Pamantayan sa Pagsusuri ng Taunang Kita ng Sambahayan | Panahon ng Pag-apruba |
|---|---|---|
| Abril 1 hanggang Mayo 15 | Kita para sa taong 2024 (Reiwa 6) | Abril 1, 2026 (Reiwa 8) hanggang Hunyo 30, 2026 (Reiwa 8) |
| Mayo 16 hanggang Hunyo 30 | | Mula ika-1 ng buwan ng pag-aaplay hanggang Hunyo 30, 2026 (Reiwa 8) |
| Hulyo 1 hanggang Marso 31, 2027 (Reiwa 9) | Kita para sa taong 2025 (Reiwa 7) | Mula ika-1 ng buwan ng pag-aaplay hanggang Hunyo 30, 2027 (Reiwa 9) |

※Kung mag-aaplay ka sa pagitan ng Abril hanggang katapusan ng Hunyo, hindi mo na kakailanganing mag-aplay muli para sa pagsusuri at pag-apruba pagkatapos ng Hulyo.

※ Ang mga transferee student ay dapat mag-aplay sa loob ng isang buwan mula sa petsa ng paglipat, at kung maaprubahan, ang pag-apruba ay magiging epektibo mula sa petsa ng paglipat.

【Pagpapatuloy ng Pag-aaply】 Para sa mga dating tumatanggap ng tulong sa pag-aaral, ang kasalukuyang aprubasyon ay matatapos sa Hunyo 30, 2026 (Reiwa 8)

Kung nais ipagpatuloy ang tulong sa pag-aaral, mangyaring magparehistro hanggang Mayo 31.

| Huling araw ng pag-aaplay | Pamantayan sa Pagsusuri ng Taunang Kita ng Sambahayan | Panahon ng Pag-apruba |
|---|---|---|
| Hanggang Mayo 31 | Kita para sa taong 2025 (Reiwa 7) | Hulyo 1 hanggang Hunyo 30, 2027 (Reiwa 9) |

## 3. Tungkol sa Halaga ng Pamantayan ng Kita

### <Para sa pag-apruba batay sa mga Dahilan ng Aplikasyon ④ at ⑤ sa (Talaan 1)>

Kung ang kabuuang kita ng lahat ng miyembro ng sambahayan (maliban sa mga kinikilalang dependent at mga nasa unang taon ng senior high school o mas bata pa). Kung ang kabuuan ng <Pamantayan ng Kita> at <Dagdag na Mga Item> ay hindi lalampas o nasa mababa sa itinakdang halaga, maaaring makatanggap ng tulong para sa pag-aaral.

(Talaan 2) Halaga ng Pamantayan ng Kita

| Bilang ng Miyembro sa Sambahayan | <Halaga ng Pamantayan ng Kita> |
|---|---|
| 2 katao | 1,820,200 yen |
| 3 katao | 2,331,200 yen |
| 4 katao | 2,792,700 yen |
| 5 katao | 3,219,200 yen |
| 6 katao | 3,573,600 yen |
| 7 katao pataas | Dagdag 354,400 yen ang bawat tao |

(Talaan 3) Mga Dagdag na Item

Kung may alinman sa mga sumusunod na kalagayan, maaaring magdagdag ng ¥230,000 sa bawat item o bawat tao sa kaliwang talahanayan ng Batayan sa Kita. Ang edad ay nakabatay sa petsang Abril 1, 2026 (Reiwa 8).

Kung kinakailangan ang pagdagdag para sa pag-apruba, ang paaralan ang magbibigay ng abiso para sa pagsusumite ng mga dokumentong patunay. Mangyaring huwag magsumite ng dokumento hangga' t hindi hinihingi ng paaralan.

| | |
|---|---|
| (a) Buntis | → Kailangan ang kopya ng Maternal and Child Health Handbook bilang patunay |
| (b) Babaeng bagong panganak (sa loob ng 6 na buwan matapos manganak) | → Kailangan ang kopya ng Maternal and Child Health Handbook bilang patunay |
| (c) Matatanda (edad 70 pataas) | → Para sa mga ipinanganak bago ang Abril 1, 1956 (Showa 31) |
| (d) Pamilyang binubuo ng ina o ama lamang at anak | |
| (e) Taong may Kapansanan (Taglay ang Physical Disability Certificate antas 1-3, Mental Disability Certificate antas 1 o 2, o katumbas ng A-level sa Rehabilitation Certificate) | → Kailangan ang kopya ng certificate o katumbas na dokumento bilang patunay |
| (f) Taong naka-confine sa ospital o nasa bahay para sa pangmatagalang gamutan (Nasa paggamot nang higit sa 3 buwan) | → Kailangan ang medical certificate (diagnosis) bilang patunay |
| (g) Pamilyang may 3 o higit pang anak na wala pang 22 taong gulang (Dagdag na ¥230,000 para sa bawat anak mula sa ikatlong anak pataas na wala pang 22 taong gulang) | → Para sa ipinanganak pagkatapos ng Abril 2, 2024 (Heisei 16) |

Kahulugan ng "Sambahayan"

● Kahit nakahiwalay ang sambahayan sa resident certificate, ang mga taong aktwal na magkasamang naninirahan (kabilang ang mga nasa two-family housing o nakatira sa magkahiwalay na gusali sa parehong address) ay itinuturing na may iisang kabuhayan. (Sanggunian: QA4) Sa bahagi ng aplikasyon na "Kalagayan ng Sambahayan," isulat ang lahat ng taong nakatira sa iisang tirahan. Kahit ang magulang ay nakahiwalay ng tirahan dahil sa trabaho (hal. solo assignment) o iba pang dahilan, kung may umiiral na relasyon sa pag-aasawa, itinuturing pa rin silang may iisang kabuhayan. Kaya' t isama rin sila sa "Kalagayan ng Sambahayan" sa aplikasyon.

● Para sa mga may hiwalay na magulang na kasalukuyang nasa proseso ng diborsyo o negosasyon, kung makakapagpasa ng kopya ng dokumentong nagpapatunay ng sitwasyon (hal. petisyon para sa diborsyo mula sa hukuman, o sertipikasyon na may kinuhang abogado para sa diborsyo), maaaring ituring ang hiwalay na magulang bilang hiwalay na sambahayan. Kung ikaw ay kabilang sa ganitong sitwasyon, mangyaring kumonsulta sa paaralan. Kung walang dokumentong nagpapatunay ng proseso ng diborsyo, itatrato ang hiwalay na magulang bilang bahagi pa rin ng iisang kabuhayan (sambahayan).

Tungkol sa kita

- Ang halaga ng kita ng sambahayan na ikukumpara sa Pamantayan ng Kita ay maaaring batay sa "Halaga Pagkatapos ng Bawas sa Kita mula sa Sahod" sa iyong Withholding Tax Statement o sa "Kabuuang Halaga ng Kita" sa iyong Income Tax Return.
- Para sa kita noong 2024 (Reiwa 6), maaaring magsagawa ng hanggang 100,000 yen na pagsasaayos sa kita mula sa sahod at pampublikong pension. Ngunit para sa kita noong 2025 (Reiwa 7), dahil sa pagbabago sa batas sa buwis kung saan tumaas ng 100,000 yen ang "Salary Income Deduction," hindi na isasagawa ang pagsasaayos ng kita.

Halimbawa ng Pag-apruba (kung ang sambahayan ay binubuo ng ama, ina, isang mag-aaral sa ikatlong baitang ng elementarya, at isang 3 taong gulang na nasa kindergarten, at ang ina ay buntis)

＜Batayan sa Kita＞ (Sanggunian: Talaan 2) ¥2,792,700 (Para sa sambahayang may 4 na miyembro)

＋

＜Karagdagang Item＞ (Sanggunian: Talaan 3) ¥230,000 (Dagdag dahil sa pagiging buntis)

≧

Kung ang kabuuang halaga ng kita ng sambahayan ay ¥3,022,700 o mas mababa, maaari kayong tumanggap ng tulong sa pag-aaral

## 4. Mga Nilalaman ng Tulong sa Paaralan

(Ang oras ng pagbabayad ay isang pagtatantya lamang. Depende sa kung kailan ka mag-aaplay, maaaring hindi masakop ang ilang mga gastos, o maaaring maantala ang pagbabayad.)

| Nilalaman ng Tulong | | Halaga ng Tulong Pinansyal (Elementarya) | Halaga ng Tulong Pinansyal (Junior High School) | Panahon ng Pagbabayad |
|---|---|---|---|---|
| ① Mga gastusin sa gamit sa paaralan at sa pag-commute. Mga gastusin sa mga ekstrakurikular na aktibidad (para sa mga field trip, atbp.) at bayad sa pagbisita) [Paalala 1] | Unang Semestre | Grade 1 6,670 yen<br>Grade 2-6 7,805 yen | 1st year 12,530 yen<br>2nd – 3rd year13,665 yen | Bandang Hulyo pataas |
| | Pangalawang Semestre | Pareho sa itaas | Pareho sa itaas | Bandang Disyembre pataas |
| ② Mga gastusin sa aktibidad na ekstrakurikular (mga may kinalaman sa panunuluyan sa Hanaseyama House, atbp.) | | Mga aktwal na gastusin (ang ilang gastusin ay hindi sakop) | | Bandang Setyembre pataas |
| ③ Mga gastusin sa kagamitan sa pisikal na edukasyon (ski, skate, kendo, judo) | | Aktwal na halaga ng kagamitan na kailangang bilhin ng lahat ng estudyante para magamit sa klase.<br>(Gayunpaman, may mga paghihigpit sa uri at dami ng kagamitan na maaaring bilhin sa elementarya at Junior High School.) | | Bandang Nobyembre pataas |
| ④ Mga gastusin sa gamit sa paaralan para sa bagong pasukan (Para lamang sa mga bagong Grade 1 na mag-aaral na pre-enrolled o naaprubahan noong Abril) | | 64,300 yen | 81,000 yen | (Pag-aaplay bago ang pasukan)<br>Mula sa umpisa hanggang sa kalagitnaan ng Marso<br>(Pag-aaplay pagkatapos ng pasukan)<br>Bandang Mayo pataas |
| ⑤ Mga gastusin sa school lunch sa paaralan | | Paaralang Elementarya: Walang bayad ang mga magulang dahil sa programang libreng school lunch sa paaralan.<br>Junior High School: Ang Lungsod ng Kyoto ay direktang magbabayad sa tagapaglaan ng pananghalian sa paaralan kaya walang bayad ang mga magulang. | | |
| ⑥ Mga gastusin sa pag-commute ※May kondisyon sa distansya | | Mga aktwal na gastusin (may takdang limitasyon sa halaga) | | 3 beses sa isang taon |
| ⑦ Mga gastusin sa educational field trip [Paalala 2] | | Hanggang 22,690 yen | Hanggang 57,910 yen | Bandang Setyembre pataas |
| ⑧ Mga gastusin sa tulong medikal | | <Mga sakop na sakit ><br>Pagkabulok ng ngipin (para lamang sa mga mag-aaral sa Junior High School, ang mga mag-aaral sa elementarya ay napapailalim sa mga hakbang sa pag-iwas sa pagkabulok ng ngipin para sa edad ng pag-aaral, kaya walang bayad ang mga magulang), chronic sinusitis, adenoids at impeksyon sa tainga, trachoma at conjunctivitis, buni, scabies, impetigo at mga sakit na parasitiko.<br>Kapag bumisita sa isang institusyong medikal, kailangan mong ipakita ang inisyu ng paaralan "Medical Coupon (Recommended Medical Voucher)" sa institusyong medikal. Dahil ang Lungsod ng Kyoto ang direktang magbabayad ng mga gastusing medikal sa institusyong medikal, walang babayaran ang mga magulang. Mangyaring siguraduhing makipag-ugnayan nang maaga sa paaralan bago dalhin ang inyong anak sa doktor. | | |
| ⑨ Tulong para sa mutual aid insurance ng Japan Sports Promotion Center laban sa mga sakuna | | Hindi kasali (Direktang magbabayad ang Kyoto City sa Japan Sport Council) | | |
| ⑩ Mga gastusin para sa paggawa ng talaan para sa pamamahala ng buhay ng paaralan (mga allergy sa pagkain) atbp. [Paalala 3] | | Aktwal na gastos para sa elementarya lamang (hanggang 3,300 yen) | | Bandang Setyembre pataas |
| ⑪ Mga gastusin sa graduation album | | Aktwal na gastos (hanggang 11,000 yen) | Aktwal na gastos (hanggang 10,000 yen) | Bandang Marso pataas |

[Paalala 1] Para sa mga tumatanggap ng tulong pampubliko o "seikatsu hogo" (o tulong pang-edukasyon) ay kwalipikado para sa mga sumusunod na item mula sa ①: mga gastos sa extracurricular na aktibidad (1,710 yen para sa mga estudyante sa elementarya, 2,330 yen para sa mga estudyante sa Junior High School, ibinabayad mula bandang Disyembre) at mga item ⑦ hanggang ⑨.

[Paalala 2] Kung gagamit ng eroplano para sa inyong field trip sa Junior High School, ang halaga ay nasa loob ng 60,910 yen.

[Paalala 3] Mangyaring itago nang maayos ang resibo na ibinigay ng medikal na institusyon, dahil kakailanganin ito kapag tumanggap ng bayad. Hindi sakop ang bayarin sa pagsusuri, diagnosis, at pagbibigay ng impormasyong medikal.

※Kung may mga natitirang deposito sa paaralan, atbp., maaaring ilipat ang tatanggap ng tulong pinansyal sa bank account ng paaralan.

**Paalala: Kapag may pagbabago sa sambahayan, tiyaking makipag-ugnayan sa tagapangasiwa ng tulong sa pag-aaral sa paaralan.**

Kung may pagbabago sa sambahayan(※) habang nasa proseso ng aplikasyon o pagkatapos maaprubahan ang tulong sa pag-aaral, tiyaking agad ipagbigay-alam ito sa paaralan. (※Halimbawa ng pagbabago: kasal, diborsyo, o hiwalay ng isang taong nakasulat sa seksyong "Kalagayan ng Sambahayan" sa form ng aplikasyon, o pagsasama ng isang taong hindi nakasulat sa seksyong iyon.)

## Mga Madalas Itanong (FAQ)

Q1. Nag-apply ako para sa tulong sa pag-aaral bago pumasok sa paaralan. Kailangan ko bang magsumite muli ng aplikasyon pagkatapos ng enrollment?
A1. Kung nakapag-apply na bago ang pagpasok sa paaralan, hindi na kailangang mag-apply muli pagkatapos ng enrollment. Gayunman, kung may pagbabago sa kalagayan ng sambahayan mula sa oras ng aplikasyon, makipag-ugnayan sa paaralan.

Q2. Ang nakatatandang kapatid sa Grade 5 ay tumatanggap na ng tulong sa pag-aaral. Kailangan pa bang magsumite ng hiwalay na aplikasyon para sa nakababatang kapatid na bagong Grade 1?
A2. Oo, kailangan pa rin. Ang form ng aplikasyon ay kinakailangang isa bawat bata, kaya mangyaring magsumite ng hiwalay na aplikasyon para sa nakababatang kapatid.

Q3. Bakit kailangang isumite ang My Number?
A3. Sa paggamit ng My Number, maaaring kumpirmahin ang halaga ng kita at iba pang impormasyon kaya hindi na kailangang magsumite ng mga sertipiko. Kapag nakapagsumite na ng My Number, hindi na kailangang magsumite muli maliban na lang kung may pagbabago sa sambahayan na magdudulot ng pagdagdag ng mga taong kailangang beripikahin ang kita (edad 16 pataas).

Q4. Nakatira ang mga lolo't lola (kamag-anak) sa isangbahay na may dalawang sambahayan, ngunit hiwalay angrehistro ng sambahayan. Kailangan bang isama sila sa sambahayan?
A4. Kahit hiwalay ang rehistro ng sambahayan, kung nakatirasa iisang bahay na may dalawang sambahayan o sa magkahiwalayna gusali sa parehong lote, karaniwang itinuturing na iisang sambahayan. Gayunman, kung hiwalay ang kontrata sa kuryente, tubig, at iba pang utility, maaaring ituring na magkahiwalay na sambahayan. Mangyaring kumonsulta sa paaralan para sa detalye.

Q5. Kapag nagsumite ng sertipiko ng buwis, anong mga taon ang kailangan?
A5. Para sa mga bagong aplikasyon mula Abril hanggang Hunyo, kinakailangan ang para sa taong 2025 (Reiwa 7). Para sa mga bagong aplikasyon at mga aplikasyon sa pag-papatuloy mula Hulyo pataas, kinakailangan ang sertipiko ng buwis para sa taong 2026 (Reiwa 8).
Ang mga sertipiko para sa taong 2026 (Reiwa 8) ay mailalabas pagkatapos ng Hunyo 1. Samakatuwid, kung magsusumite ka ng aplikasyon sa pag-renew at mahuhuli sa pagsusumite ng sertipiko, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan at isumite lamang ang form ng aplikasyon.

Q6. Kung mag-aaplay sa Hunyo, kailan ang petsa ng pag-aapruba?
A6. Sa prinsipyo, ito ay magsisimula sa unang araw ng buwan ng aplikasyon (Hunyo 1). Gayunpaman, kung may pagbabago sa sambahayan o pagtaas ng mga item na may karagdagang puntos sa kalagitnaan ng buwan ng aplikasyon, at hindi matutugunan ang mga kinakailangan kung wala ang mga pagbabagong ito, maaaring hindi ito magsimula sa unang araw ng buwan ng aplikasyon kundi sa "araw kung kailan natugunan ang mga kinakailangan."

Q7. Ako ay kwalipikado para sa espesyal na bawas sa buwis bilang asawa. Paano itinuturing ang aking kita?
A7. Ang kita ng taong kwalipikado para sa espesyal na bawas bilang asawa ay isinasama sa kabuuang kita ng sambahayan.

Q8. Bumaba nang malaki ang aking kita. Maaari ba akong makatanggap ng tulong para sa pag-aaral?
A8. Sa pamamagitan ng pagsusumite ng dokumentong nagpapakita ng pagbawas sa kita, maaaring maaprubahan ang tulong sa ilalim ng pansamantalang hakbang para sa biglaang pagbabago sa kabuhayan. Mangyaring kumonsulta sa paaralan.

Q9. Ayokong malaman ito ng ibang magulang o ng mga kaibigan ng aking anak.
A9. Hindi lamang ang pagsumite ng aplikasyon, kundi pati ang resulta ng pagsusuri at pagtanggap ng tulong ay hindi ipinaaalam sa ibang tao.

Para sa mga katanungan:

O Tungkol sa pangkalahatang impormasyon ng sistema

Kyoto Itsudemo Call

(Telepono 661-3755) ( FAX 661-5855)

Bukas buong taon Mula 8 ng umaga hanggang 9 ng gabi

Mag-ingat sa maling pagdayal ng numero.

O Indibidwal na konsultasyon tungkol sa aplikasyon

Kung may mga hindi malinaw, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan.

Kung hindi na kailangan, itapon bilang 'halo-halong mga papel' para sa recycling!

## Pormal na Sulat ng Pagkakatiwala at Kasulatan ng Pagsang-ayon

Itinalaga ko ang Punong-Guro ng Paaralang ____________________ ng Kyoto bilang aking kinatawan upang isagawa ang nasa bilang 1, at ako ay sumasang-ayon sa mga nilalaman ng bilang 2 hanggang 7. (Kung lilipat sa ibang pampublikong paaralan ng Kyoto o magpapatuloy sa Junior High School, ang punong-guro ng paaralang paglilipatan o papasukan ay itatalaga bilang kinatawan.)

### Punan

1. Tungkol sa paghiling, pagtanggap, pagbabayad ng halaga para sa pagbili ng mga gamit, at pagsasauli ng pondong pantulong sa pag-aaral.
2. Kabilang sa mga nabanggit na bagay, ang paghiling, pagtanggap at pagbabalik ng mga bayarin sa pananghalian sa paaralan (limitado sa mga Junior High School) at mga bayarin sa tulong medikal ay muling ipagkakatiwala sa mga tagapagbigay ng pananghalian sa paaralan at mga institusyong medikal.
3. Kung walang nakasulat na impormasyon ng bank account sa aplikasyon o kung itinuturing ng punong-guro na kinakailangan, ang tulong-pinansyal para sa pag-aaralay ipapadala sa account ng paaralan at ipagkakaloob mula sa paaralan.
4. Kung may hindi pa nababayarang school deposit, ang tulong-pinansyal para sa pag-aaral ay ipapadala sa account ng paaralan at gagamitin upang bayaran ang hindi pa nababayarang halaga.
5. Kung kinakailangang isauli ang tulong-pinansyal para sa pag-aaral, ito ay ibabawas mula sa nakarehistrong bank account.
6. Kung ang nakasulat sa aplikasyon ay hindi tumutugma sa katotohanan, kailangang isauli ang tulong-pinansyal para sa pag-aaral mula sa simula ng pagkakakilala o pagkakaapruba nito.
7. Upang maisagawa ang pagsusuri para sa pagkilala ng karapat-dapat sa tulong-pinansyal sa pag-aaral at upang matiyak kung kwalipikado ang aplikante, ang Komisyon ng Edukasyon ng Lungsod ng Kyoto at ang punong-guro ng paaralan ay magsasagawa ng imbestigasyon batay sa batas hinggil sa paggamit ng mga numero para sa pagkakakilanlan ng indibidwal sa ibang mga lungsod, kabilang ang pagrerepaso ng mga tala sa Basic Resident Register, katayuan ng pagtanggap ng tulong sa kabuhayan, katayuan ng pagtanggap ng child-rearing allowance, at kita ng mga miyembro ng sambahayan.

※Tungkol sa pagsusuri ng kalagayan ng kita ng mga miyembro ng sambahayan (item 7), kung may sinuman sa sambahayan na hindi sumasang-ayon lagyan ng tsek ang kahon sa ibaba at magsumite ng isa sa mga sumusunod na dokumento bilang patunay.

☐ Hindi isasagawa ang pagsusuri ng impormasyon sa buwis sa halip, kailangang magsumite ng mga dokumentong nagpapatunay.

<Mga Patunay na Dokumento>

- Sertipiko ng Buwis (patunay ng lahat ng item)
- Paalala ng Pagpapasya o Pagbabago sa Halaga ng Espesyal na Pagkolekta ng Buwis
- Paalala ng Pagbabayad ng "Buwis ng Residente"

※ Tungkol sa bayad sa pagkain sa paaralan (para lamang sa Junior High School) at tulong medikal, ito ay direktang babayaran mula sa Kyoto City sa mga tagapagbigay ng pagkain at institusyong medikal, kaya walang babayaran ang mga magulang.

※ Kung ang magulang ay may anak sa Elementarya na grade one o sa Junior High School na first year, at lumipat sa Kyoto City mula sa ibang lugar pagkatapos ng Oktoubre 7 2025 (Reiwa 7), isulat ang dating address.

〒______________________

________________________________________________

【Paalala tungkol sa Account para sa Pagsalin ng Pondo】
Para sa pagsasalin ng pondo tulong sa pag-aaral, maglagay ng account sa parehong institusyong pinansyal kung saan naka-"School Deposit Registered Account" ng paaralan (isa sa mga institusyong pinansyal na nakalista sa ibaba).
Kung wala kang account sa parehong institusyong pinansyal, mangyaring magbukas ng bagong account.

Kyoto Bank ・ Kyoto Chuo Shinkin Bank ・ Kyoto Shinkin Bank

| Bank Code | | | | Pangalan ng institusyong pinansyal | Branch Code Branch Number | | | Branch Name |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | ☐ Bank<br>☐ Shinkin Bank | | | | ☐ Main Branch<br>☐ Branch<br>☐ Satellite Office |

| Uri ng Account | Numero ng account | | | | | | | Pangalan ng May-ari ng account (Kana) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Regular | | | | | | | | |

| Bahagi na susulatan ng paaralan. | |
|---|---|
| (Kung sakaling magpapatuloy)<br>Tingnan ang bahagi ng「Kalagayan ng Sambahayan」sa nakaraaang aplikasyon, at lagyan ng ☑ sa kanang bahagi kung may pagbabago o wala.<br>※Kailangan mo man ng proteksyon o bahagyang proteksyon, siguraduhing suriin kung nais mong magpatuloy. | ☐ May Pagbabago<br>(☐ Pagtaas ng tauhan / ☐ Pagbaba ng tauhan)<br>☐ Walang pagbabago |

# Deklarasyon ng My Number para sa Tulong-Pinansyal sa Pag-aaral

<table>
<tr><td rowspan="3">Impormasyon ng Mismong Bata</td><td colspan="2">Pangalan ng Bata</td><td>Pangalan ng Paaralan</td><td>Petsa ng Kapanganakan</td></tr>
<tr><td>(Furigana)<br><br></td><td></td><td>Paaralan<br>Taon Klase</td><td>Heisei/Reiwa<br>. .</td></tr>
<tr><td colspan="4">Tirahan</td></tr>
</table>

※ Kung wala kayong rehistradong tirahan sa Lungsod ng Kyoto noong Enero 1 ng target na taon. (kung ang aplikasyon ay ginawa hanggang katapusan ng Hunyo, ang target na taon ay 2025 (Reiwa 7), kung mula Hulyo pataas, 2026 (Reiwa 8)) o kahit na may rehistradong tirahan ngunit binubuwisan sa ibang lungsod dahil sa lugar ng trabaho o iba pang dahilan, hindi maisasagawa ang pagsusuri ng kita gamit ang My number. Dahil dito, mangyaring magsumite ng alinman sa mga sumusunod na dokumento na inilabas ng isang pampublikong institusyon:

- Taunang Sertipiko ng Buwis (Inisyu ng city/municipal hall kung saan ka nakarehistro noong Enero 1. Para sa Kyoto City, kailangang kumuha ng [Sertipikasyon ng Lahat ng Item] mula sa ward office; may bayad)
- Abiso ng Desisyon o Pagbabago sa Halaga ng Espesyal na Pagbawas ng Buwis (Ipinapamahagi ng employer bandang Hunyo)
- Abiso ng Pagbabayad ng Residente Tax (Para sa mga self-employed; ipinapadala ng city/municipality bandang Hunyo)

Anuman ang pagkakaroon o kawalan ng kita, isulat ang lahat ng miyembro ng parehong sambahayan na nakatala sa seksyong “Kalagayan ng Sambahayan” ng aplikasyon, na <u>ipinanganak noong Abril 1, 2010 (Heisei 22) o mas maaga</u>, (maliban sa mga kinilalang sakop ng dependents).

<table>
<tr><td>Kasulatan ng Pagsang-ayon</td><td>Pangalan</td><td>Petsa ng Kapanganakan</td><td>My Number (12 Numero)</td></tr>
<tr><td rowspan="6">Sumasang-ayon ako na siyasatin ng Kyoto City Board of Education ang aking kita at iba pang kaugnay na impormasyon upang matukoy kung ako ay kwalipikado para sa tulong-pinansyal sa pag-aaral, at isusulat ko ang kinakailangang detalye ayon sa nakasaad sa kanan.</td><td></td><td>□Showa □Heisei<br>□ Kalendaryong Gregorian ・ ・</td><td></td></tr>
<tr><td></td><td>□Showa □Heisei<br>□ Kalendaryong Gregorian ・ ・</td><td></td></tr>
<tr><td></td><td>□Showa □Heisei<br>□ Kalendaryong Gregorian ・ ・</td><td></td></tr>
<tr><td></td><td>□Showa □Heisei<br>□ Kalendaryong Gregorian ・ ・</td><td></td></tr>
<tr><td></td><td>□Showa □Heisei<br>□ Kalendaryong Gregorian ・ ・</td><td></td></tr>
<tr><td></td><td>□Showa □Heisei<br>□ Kalendaryong Gregorian ・ ・</td><td></td></tr>
</table>

＜**Para sa paaralan lamang**＞ ***Mangyaring punan***

**<u>Numero ng paaralan (5 numero)</u>**

**<u>Petsa ng pagtanggap ng aplikasyon sa paaralan: Taon Buwan Araw</u>**

**<u>Bago/Pagpapatuloy/Bago (Aplikasyon pagkatapos ng pagkansela dahil sa pagbabago ng sambahayan) ←Bilugan ang naaangkop</u>**

**Pakibilugan ang kita na ipinadala batay sa petsa ng pagtanggap sa paaralan, atbp.**

Kung ang petsa ng aplikasyon ay mula Abril hanggang katapusan ng Hunyo, 2026 (Reiwa 8) → Bilugan ang kita para sa taong 2024 (Reiwa 6) at 2025 (Reiwa 7).

Kung ang petsa ng aplikasyon ay pagkatapos ng Hulyo, 2026 (Reiwa 8) at ang aprubasyon ay ipinagpatuloy → Bilugan ang kita para sa taong 2025 (Reiwa 7).

| Kita ayon sa pamantayan ng pagsusuri | **Kita mula sa pagpapadala** |
|---|---|
| Reiwa 6/7 kita | |
| Reiwa 7 kita<br>(Sertipikasyon Hulyo 1 pataas) | |